## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Isipin na lamang kung paano ang buhay kung hindi tayo makapagpahayag ng sarili. Ang komunikasyon ay napakahalagang bahagi sa buhay ng tao. Sa pamamagitan ng komunikasyon naipararating ng mga tao ang kanilang mga ideya, damdamin, kaisipan, pangarap at mithiin. Bagama't hindi sapat ang mga ito, makatutulong kung marami kang alam na salita, o may maganda kang boses, o madali kang makaangkop sa mga tao, o maganda ka o guwapo. Kung paano tayo magpahayag ng sarili ay sumasalamin sa kung paano natin nakikita ang ating sarili, kaugnay ng ibang tao at ng kapaligiran.

Ang modyul na ito ay tungkol sa mabisang komunikasyon, ang kahalagahan at silbi nito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Sa pangkalahatan, ang isang taong nakikipagtalastasan nang mahusay ay may mas magandang oportunidad sa trabaho, may mas malalim at mas makabuluhang pakikipagrelasyon at mas maayos na buhay kung ihahambing sa taong hindi nakikipag-usap nang mahusay. Sa panahon ng teknolohiya sa impormasyon, tiyak na makalalamang ang taong mahusay na makipagtalastasan.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin1 – *Paghalaw at Pag-unawa*

Aralin 2 – *Pakikinig at Pagsusuri*

Aralin 3 – *Pagmamasid at Pagbibigay-kahulugan*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- ipaliwanag ang kahulugan ng dalawang batayang uri ng komunikasyon;
- ipaliwanag ang kahalagahan ng pasalita at di-pasalitang komunikasyon sa pang-araw-araw na buhay;
- ipaliwanag at ilarawan ang mga salik ng isang mabisang pasalita at di-pasalitang komunikasyon; at
- ilarawan ang mga kasanayang kailangan sa isang mabisang komunikasyon.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

A. Mababasa sa ibaba ang bahagi ng isang sulat ni Bb. Hellen Keller sa isang kaibigan. Isulat na muli ang sulat na ito sa sarili mong mga salita. Alamin kung anong mga bagay ang nakapagpapasaya o nakapagpapaligaya sa kaniya. Paano niya inilalarawan ang lahat ng ito? Tandaang isulat ang sagot sa sarili mong mga salita.

### Mga Nakikita at Naririnig

***ni Hellen Keller***

1. Palagian nang sinusubukan ko ang aking mga nakakakitang kaibigan na tuklasin kung ano ang kanilang nakikita. Kamakailan, dinalaw ako ng isang matalik na kaibigan na kararating mula sa paglalakad sa kagubatan, at tinanong ko siya kung ano ang kaniyang napagmasdan. "Wala naman," sagot niya. Hindi sana ako maniniwala kung hindi ako sanay sa gayong mga sagot, dahil matagal nang panahong pinaniniwalaan ko na kapag tumitingin ka, kakaunti ang makikita mo.


2. "Paanong mangyayari ang gayon, tanong ko sa aking sarili, na maglalakad ka nang isang oras sa kagubatan at wala ka man lang makita ni isang dapat na matandaan? Ako, na hindi nakakakita, ay nakaaapuhap ng daan-daang bagay na nakapagpapapitlag sa akin sa pamamagitan lamang ng pagkapa. Nararamdaman ko ang maselang disenyo ng isang dahon. Buong pagmamahal na hinahaplos ng aking mga kamay ang makinis na balat ng kulay-pilak na puno, ang magaspang na balat ng punong pino. Sa tagsibol, kinakapa ko ang mga sanga ng mga puno, umaasang makahahanap ng isang buko ng bulaklak, ang unang palatandaan ng bumubukad na Kalikasan matapos ang kaniyang mapangaligkig na taglamig."

B. Nagpapakita ng iba't ibang damdamin ang mga mukha sa ibaba. Sumulat ng talata na may tatlong pangungusap para mailarawan ang damdaming ipinahahayag ng bawat mukha at ang posibleng dahilan ng mga damdaming ito.

1. ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________



2. ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________



3. ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________



Kumusta ang mga sagot mo? Sa palagay mo ba'y tama lahat? Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35.

Kung tama lahat ang sagot mo, napakahusay! Marami ka nang alam tungkol sa paksa sa modyul na ito. Maari mo pa ring pag-aralan ang modyul para mabalik-aralan ang alam mo na. Malay mo, matututo ka ng ilan pang bagong bagay.

Kung mababa ang nakuha mo, huwag sumama ang loob. Ang ibig sabihin nito'y para sa iyo ang modyul. Makatutulong ito na maintindihan mo ang mahahalagang ideyang magagamit sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralang mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng tanong sa pagsasanay at marami pang iba. Handa ka na ba?

Tunghayan mo na ang susunod na pahina para simulan ang Aralin 1.

**ARALIN 1**

# Paghalaw at Pag-unawa

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa pasalitang komunikasyon, ang una sa dalawang uri ng komunikasyon. Ang pasalitang komunikasyon ang malinaw at wastong pagpapahayag ng mga impormasyon, instruksiyon o utos na naisatitik o mabibigkas.

Makikita ang mga salita sa mga libro, magasin, diyaryo at iba pang babasahin. Kapag nagbabasa ka, may makikita kang tekstong mahirap maunawaan. Ang isang paraan na makatutulong sa pag-unawa o pagsubok sa sarili kung talagang nauunawaan mo ang binabasa ay ang paghalaw. Ang paghalaw ay ang pagpapahayag ng mga ideyang nakasulat o binigkas alinsunod mismo sa sarili mong mga salita.

Natatandaan mo pa ba kung paano tayo utusang bumili ng ating mga magulang noong mga bata pa tayo? Binibigyan nila tayo ng instruksiyon kung ano ang bibilhin. Pagkatapos ng instruksiyon, pinauulit nila sa atin ang instruksiyon. Tinitiyak nila na naintindihan natin ang instruksiyon para hindi natin mabili ang hindi kailangan. Sa maniwala ka man o hindi, ang paghalaw ay kahalintulad ng pag-uulit ng instruksiyon. Sa pamamagitan ng paghalaw, ipinakikita natin kung gaano natin naunawaan ang ibinigay nilang instruksiyon.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- ilarawan at ipaliwanag ang ibig sabihin ng paghalaw;
- tukuyin at ipaliwanag ang kasangkapan sa paghalaw; at
- ipaliwanag ang kahalagahan ng paghalaw sa ating pag-araw-araw na buhay.



## Basahin Natin Ito

Basahin natin ang talumpating ito. Bago mo simulan, kailangang may malaman ka tungkol sa sumulat ng talumpati.

Si Martin Luther King Jr. ang sumulat ng talumpati. Isa siyang Amerikanong pastor at nanalo ng Nobel Prize. Isa siya sa mga pangunahing lider ng kilusan ukol sa mga karapatang sibil ng mga Amerikano at isang kilalang tagapagtaguyod ng mapayapang protesta. Ang mga paghamon ni King sa segregasyon at diskriminasyon laban sa ibang lahi noong mga dekada ’50 at ’60 ay nakahimok sa maraming Amerikanong puti na sumuporta sa mga karapatang sibil sa Estados Unidos. Matapos paslangin noong 1968, si King ay naging simbolo ng protesta sa pakikibaka para sa makatarungang pagkilala sa iba pang lahi.

**May Pangarap Ako**

Sinasabi ko ngayon sa inyo mga kaibigan ko, kahit kinakaharap natin ang mga kasalukuyan at daratal na paghihirap, may pangarap pa rin ako. Isang pangarap na malalim na nakaugat sa pangarap ng Amerika.

May pangarap ako na isang araw ay babangon ang bansang ito.
At mabubuhay sa tunay na kahulugan ng nitong sarili kredo:
Pinaninindigan natin na likas ang kabuluhan ng mga katotohanan na ang lahat ng tao ay nilikha nang pantay-pantay.

May pangarap ako na isang araw ang aking apat na maliliit na anak ay mamumuhay sa isang bansa na hindi huhusga sa kulay ng kanilang balat kundi dahil sa kanilang pagkatao.

May pangarap ako ngayon!

May pangarap ako na isang araw ang maliliit na batang itim sa Alabama ay makikipagkapit-kamay sa maliliit na batang puti tulad nang magkakapatid...

Ito ang ating pag-asa. Ito ang pananalig na baon ko pabalik Timog...
Sa pananalig na ito, makakikilos tayo nang sama-sama, makapagdadasal nang sama-sama, makikibaka nang sama-sama...alam nating isang araw ay lalaya tayo...

Ito ang araw na ang mga anak ng Diyos ay makaawit nang may bagong kahulugan, 'Ang aking bayan, kalugud-lugod na lupain ng kalayaan, na aking inaawitan. Lupain na dito'y nangamatay ang ating mga ninuno, lupaing ipinagmamalaki ng mga manlalakbay, sa bawat gilid ng bundok, hayaang umalingawngaw ang kalayaan.' At kung ang Amerika'y magiging dakilang bansa, nararapat itong maging katotohanan.

Kaya't hayaang umalingangaw ang Kalayaan  sa malawak na tuktok ng burol ng New Hampshire; hayaang umalingawngaw ang kalayaan mula sa malalaking bundok ng New York;
hayaang umalingawngaw ang kalayaan mula
sa matatayog na mga Allegheny ng Pennsylvania;
hayaang umalingawngaw ang Kalayaan mula
sa mga Batuhan ng Colorado na balot ng niyebe...

Hayaang umalingawngaw ang kalayaan mula sa bawat burol at mumunting burol ng Mississippi.
'Mula sa bawat gilid ng bundok, hayaang umalingawngaw ang kalayaan.'

At kapag nangyari ito, at kapag hinayaan natin ang kalayaan na umalingawngaw, kapag hinayaan nating umalingawngaw ito mula sa bawat nayon, mula sa bawat estado at bawat lunsod, mapabibilis natin ang araw na ang lahat ng anak ng Diyos, itim at puti, Hudyo at Hentil, Protestante at Katoliko, ay magkakapit-kamay at aawit alinsunod sa mga salita ng mga sinaunang Negrong Banal, "Malaya na tayo sa wakas! Malaya na tayo sa wakas! Salamat sa Makapangyarihang Diyos, malaya na tayo sa wakas.'

Hindi ba isa itong makapangyarihan at nakahihimok na talumpati? Sa sarili mong mga salita, tungkol saan sa palagay mo ang talumpati?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35. Mga halimbawang sagot lamang ang mga yaon. Maaaring nakasulat ka ng mga talata na hindi katulad ng mga sagot na yaon ngunit tama pa rin ang sagot mo. Ipakita ang sagot mo sa *Instructional Manager* o *Facilitator* at talakayin ninyong dalawa ang isinulat mo.

Gayunman, narito ang isang paraang makatutulong sa iyo sa paghalaw. Ang akronim ay BTI.

1. (B) asahin ang talata.
2. (T) anungin ang sarili: ano ang pangunahing ideya at mga detalye sa talatang ito?
3. (I) pahayag sa sariling mga salita ang pangunahing ideya at mga detalye.

Kung sa palagay mo'y hindi tama ang sagot mo sa naunang pagsasanay, subukang gamitin ang paraan ding yaon upang maihalaw ang talumpati ni Martin Luther King Jr. At talakaying muli ang sagot mo sa *Instructional Manager*.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

1. Narito ang isang talata na hango sa *Reader's Digest* tungkol sa mga dalandan.

   Basahin ang talata:

   Ang dalandan na makikita sa buong taon ay isang prutas na napakayaman sa Bitamina C. Mayroon din itong dagdag na sustansiyang calcium at potassium, at mayaman sa Bitamina A. Kung gusto mong makuha ang karamihan sa mga sustansiya nito, pati na *fiber*, kainin mo mismo ang buong bunga't balat at hindi ang katas lamang nito. Mas matabang ang buong dalandan kaysa katas lamang nito (na kadalasa'y may dagdag na asukal) kaya makabubuti ito nang husto sa mga nag-aalala sa kanilang blood-sugar.

2. Pagkatapos mong basahin ang talata:

Tanungin ang sarili:

a. Tungkol saan ang talata?

Ang talatang ito ay tungkol sa ______________________________.

Kung ang sagot mo ay mga *dalandan*, tama ka.

b. Ano ang sinasabi sa akin nito tungkol sa mga dalandan?

Sinasabi nito sa akin na ____________________________.

Kung sinagot mo na ang talatang ito ay nagsasabing nagbibigay ng napakaraming bitamina at iba pang sustansiya, tama ka.

Kapag hinahanap mo ang pangunahing ideya, karaniwa'y sa dalawang bahagi ka maghahanap.

a. Tingnan ang unang pangungusap ng talata.

Ang dalandan ay isang prutas na makikita sa buong taon at napakayaman sa *Bitamina C.*

b. Tingnan ang mga pag-uulit ng katulad na salita o mga salita sa buong talata. ... mayaman sa *Bitamina A*

3. Sabihin sa sarili mong mga salita ang pangunahing ideya at mga detalye.

Paghalaw.

Bago natin gawin ito, narito ang mga dapat tandaan kung paano humalaw. Ang paghalaw ay ____.

a. dapat magtaglay ng kompletong ideya (paksa at pandiwa);

b. dapat wasto at tugma;

c. dapat may kabuluhan;

d. dapat na sa sarili mong mga salita; at

e. nagtataglay ng bagong impormasyon na malapit sa paksa (na nagpapakita ng sarili mong pagkaunawa)

Ngayon, subukan nating ihalaw ang nasa ibabang talata.

Ang dalandan ay hindi pana-panahong prutas. Makikita ito sa buong taon. Napakayaman nito sa Bitamina C. Mayaman din ito sa Bitamina A pati na sa calcium at potassium mas dapat itong kainin ng buo. Sa ganitong paraan, may pakinabang tayo sa fiber nito at hindi nawawala ang mga sustansiya ng buong dalandan. Maraming sustansiya ang nawawala sa paghahanda ng pagkain. Kapag kinatas mo ang mga dalandan, baka mawala rin ang Bitamina C. Bukod dito, ang katas ay magbibigay lamang ng dagdag na asukal na maaaring hindi kailangan ng ating katawan.

Tingnan natin kung tama.

a. May kompletong ideya ba ang naturang halaw?

b. Wasto at tugma ba ito?

c. May kabuluhan ba ito?

d. Sa sarili mo bang mga salita ito?

e. May bagong impormasyon ba ito na nagpapakitang nauunawaan mo ang paksa?

Kung oo ang sagot sa lahat ng tanong, mahusay ang ating nabanggit sa isinagawang ginawang paghalaw.

Masasabi mo ba kung anong bagong impormasyon ang nasa pagpapakahulugan paghalaw? Tutukuyin ko.

*Maraming sustansiya ang nawawala sa paghahanda ng pagkain.*

Sa pangungusap na ito, lumalawak ang ideyang paano nakukuha ang karamihan sa sustansiya ng dalandan at kung bakit mabuting kainin ito nang buo. (Kapag kinatas lamang ang dalandan, mawawala rin ang Bitamina C nito.)



## Subukan Natin Ito

Narito ang talata na hango sa *Reader's Digest* tungkol sa mga saging. Gawin ang BTI.

**Mga Saging**

Mababa sa calories at fat, ang saging ay napakagandang halimbawa ng isang masarap na pagkain na talagang makabubuti sa iyo. Taglay nito ang maraming mineral, karamiha'y potassium, isa sa mga pinakamahalagang elemento ng ating katawan. Ang potassium ang nagbabalanse sa sodium at may tuwirang kaugnayan sa wastong balanse ng tubig sa katawan at sa kabuuang husay ng kalamnan. Kapag kulang ka sa potassium, hihina ka, magkakaroon ka ng insomnia, at pati na ang di-regular na tibok ng puso. Sa bawat araw, panatilihin ang iyong natural na suplay ng potassium sa pagkain ng isang saging, hinihiwa-hiwa at ilagay sa kanin, iibabaw sa pankeyk o tuhugin at ipalamig.

Tutulungan kita sa iyong <u>BTI</u>.

1. Basahin ang talata.

2. Tanungin ang sarili: Ano ang pangunahing ideya at mga detalye sa talatang ito.

   Ang talatang ito ay tungkol sa ______________________________

   Sinasabi nito sa akin na ___________________________________

3. Ipahayag sa sariling mga salita ang pangunahing ideya at mga kaugnay na detalye.

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 35–36.

Magsanay ka pa.

1. Subukan mo naman ngayon na ihalaw ang isang pag-uusap.

   Basahin ang teksto.

| | |
|---|---|
| Tagapagbalita: | Ayon sa taya ng panahon, inaasahan na magkakaroon ng pag-ulan bukas lalo na sa hapon. |
| Tagapag-ulat ng panahon: | Oo, Noli, kung uulan, maaaring magdala tayo ng payong o kapote. |
| Tagapagbalita: | Narinig ninyo, mga kabayan. Mag-ingat. Huwag magpaulan. |

2. Tanungin ang sarili:


   Ano ang pangunahing ideya sa pag-uusap na yaon at ano ang mga kaugnay na detalye?

   Ang pag-uusap ay tungkol sa
   ____________________________________________________________

   Sinasabi nito sa akin na
   ____________________________________________________________

3. Ipahayag sa sariling mga salita ang pangunahing ideya at mga kaugnay na detalye.
   ____________________________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35–36.



## Alamin Natin

Ano ang tingin mo sa paghalaw? Para sa maraming estudyante, ang paghalaw ay isang mabisang kasangkapan sa pananaliksik para sa kanilang mga asaynment o ulat sa eskwelahan.

Halimbawa, kapag pinasasaliksik sa isang paksang, ang estudyante ay karaniwang pumupunta sa aklatan at sumisipi lamang ng mga bahagi sa libro na tumatalakay sa iniatas na paksa. Ang gawaing ito ay hindi nagpapaunlad ng kaalaman kundi ng pangongopya o pamimirata sa akda ng iba. Ang pagkuha sa ideya ng iba ay pagnanakaw.

Ang isang paraan ng pagpapasigla sa pag-aaral at magandang gawi sa pag-aaral ay ang paghalaw. Kaya kung kailangang mong magsaliksik, magbasa ng paksa at magsulat ng asaynment gamit ang sarili mong mga salita. Gawin natin ito. Kunwari'y nasa eskwelahan ka at kabibigay lang sa iyo ng asaynment. Naatasan kang magsaliksik tungkol sa araw.

Magsaliksik at isulat ito sa nakalaang espasyo. Tiyakin na sarili mong mga salita o halaw ang gagamitin sa iyong pananaliksik. Tukuyin agad ang pinagsanggunian pagkatapos ng pananaliksik.

________________________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36. Mga halimbawang sagot lamang ang mga yaon. Maaaring nakasulat ka ng mga talata na hindi katulad na katulad ng mga sagot na yaon ngunit tama pa rin ang sagot mo. Ipakita ang sagot mo sa *Instructional Manager* at talakayin ninyong dalawa ang isinulat mo.



## Subukan Natin Ito

Ipahayag sa sariling halaw ang "Ang Pambansang Awit."

*Bayang magiliw, perlas ng silanganan,*
*Alab ng puso, sa dibdib mo'y buhay*
*Lupang hinirang, duyan ka ng magiting,*
*Sa manlulupig, di ka pasisiil.*
*Sa dagat at bundok, sa simoy*
*At sa langit mong bughaw;*
*May dilag ang tula at awit*
*Sa paglayang minamahal.*
*Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta*
*Buhay ay langit sa piling mo.*
*Aming ligaya na pag may mang-aapi,*
*Ang mamatay nang dahil sa iyo.*

—Bayang Minamahal

ni Camilo Osias at A.L.Lane

Isulat mo ngayon ang mga ipinahayag na ideya sa sariling mga salita.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

## Alamin Natin ang mga Natutuhan Mo

Sagutin ang sumusunod na tanong sa sariling mga salita.

1. Ano ang ibig sabihin ng paghalaw?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Ipaliwanag kung paano nagsisilbing gabay ang akronim na BTI sa paghalaw.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Sa paanong paraan nakatutulong sa iyo ang paghalaw? Muling ipahayag sa sariling mga salita ang sagot sa tanong.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang isang teknik na makatutulong sa iyo na maunawaan o masubukan ang sariling kakayahan kung totoong nauunawaan mo ang iyong nabasa. Paghalaw ang teknik na ito. Ang **BTI** ay akronim na kasangkapan para maging gabay sa paghalaw. **B** para sa Basahin, **T** para sa Tanungin ang sarili at **I** para sa Ipahayag sa salita ang pagpapakahulugan sa nabasa.

Mahalaga na magkaroon ng kasanayan sa paghalaw sa mga nabasa mo. Sa pamamagitan ng paghalaw, malalaman mo talaga kung gaano ang naunawaan mo sa mga ideya ng nababasa mo. Pinasisigla nito ang pagpapahayag ng sarili mong kaisipan at mga ideya ng kaya't mas napauunlad ang sariling pagkatuto.

# Pakikinig at Pagsusuri

Sa Aralin 1, natutuhan mo ang tungkol sa paghalaw, isang mahalagang salik ng pasalitang komunikasyon.

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa pakikinig. Isa itong salik ng mabisang komunikasyon na madalas maisantabi. Sa maraming pagkakataon, ang pagsisikap nating maging mahusay na mananalastas ay tumitigil matapos nating mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita. Ngunit paano magkakaroon ng komunikasyon kung walang makikinig sa sinasabi mo?

Ang sining ng pakikinig ay hindi kailangang maging pasibo. Maaari itong maging aktibo tulad ng pagsasalita, kung gagawin mo ito nang tama.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- ipaliwanag ang kahalagahan ng pakikinig sa pasalitang komunikasyon;
- ilarawan at ipaliwanag ang silbi ng bitaw ng boses sa pang-araw-araw na pakikipag-usap; at
- ipaliwanag ang mga ibinubunga ng iba't ibang bitaw ng boses sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Sa gawaing ito, kakailanganin mo ang isang audio tape player at audio tape na may pamagat na ***Beyond the Printed Words***.

A. Bago Makinig

Basahin ang kuwento at maghanda sa pagsagot sa mga susunod na tanong tungkol sa pagkakaunawa mo sa binasa.

Isang araw, nakatanggap ng sulat si Mang Pedro mula sa kaniyang anak na nag-aaral ng pagka-inhinyero sa Maynila. Nang dumating ang sulat, agad niya itong binuksan at dahil wala siyang suot na salamin, pinakiusapan niya ang panganay na anak na basahin ito para sa kaniya.

Kapwa galit ang mag-ama matapos basahin ang sulat. "Aba", sigaw ni Mang Pedro, " Anong akala niya sa sarili niya? Anak ng haciendero? Oo nga, Itay, at ginagatasan na naman niya tayo," dagdag pa ng panganay.

Kinagabihan, dumating si Aling Sepa at nakita niya ang sulat sa mesa. Masaya siya na makatanggap ng balita tungkol sa kaniyang anak. Tinawag niya ang asawa "Pedro, halika sa tabi ko at pakinggan mo ang iyong anak." Hindi sinabi ni Mang Pedro na alam na niya ang laman ng sulat. Lumapit siya at tumabi sa asawa. Malakas na binasa ni Aling Sepa ang sulat.

Matapos niya itong basahin, napaiyak si Aling Sepa. Naawa si Mang Pedro sa kaniyang anak. Sa loob-loob ni Mang Pedro, ano't kanina lamang ay nagalit siya ngunit habag naman ngayon ang nararandaman niya sa lumiham na anak? Hindi nagbago ang nilalaman ng sulat; ang mga nagbasa lamang.

B: Sa Pakikinig

Makinig sa audio tape na may pamagat na "Ang Higit Pa sa Nakasulat." Maaari kang makinig nang dalawang ulit kung hindi mo narinig nang mabuti ang pagkakaiba ng bitaw ng boses ng anak at ng ina.

**"Ang Higit Pa sa Nakasulat"**

**Mga Tauhan**

Pedro – Tatay
Sepa – Nanay
Gardo – Panganay na anak na lalaki (edad 20)
Efren – Anak na nasa Maynila (edad 17)
Ninay – Bunsong anak na babae (edad 12)
Delia – Isang pang anak na babae (edad 15)
Iking – Kartero

**Iking** : Magandang umaga. Tao po.

**Ninay** : Magandang umaga, Mang Iking!

**Iking** : O, Ninay! Hindi kita agad napansin.

**Ninay** : Nakatayo po ako sa likod ng halamanan kaya hindi ninyo ako nakita. May sulat po ba kami?

**Iking** : Oo, meron, para sa Tatay mo. Siguradong galing sa kapatid mong si Efren na nasa Maynila. Eto.

**Ninay** : Salamat, Mang Iking. Ibibigay ko na lang po sa Tatay. Matutuwa 'yon at may balita na kay Kuya Efren. Mahigit nang isang buwang wala siya rito at miss na miss na namin siya.

**Iking** : Nag-aaral siya sa Maynila, di ba?

**Ninay** : Opo. Gusto niyang maging inhenyero at sigurado akong balang-araw ay matutupad ang gusto niya!

**Iking** : O, sige, aalis na ako. Marami pa akong ihahatid na sulat. Paalam, Ninay.

**Ninay** : Paalam, Mang Iking. Salamat uli!

Kinalaunan...

**Ninay** : 'Tay, ibinilin na po sa akin ni Nanay ang tanghalian ninyo.

**Pedro** : Bakit, nasaan siya? Akala ko ba siya ang magdadala ng tanghalian ko.

**Ninay** : Sinundo po siya. Manganganak na raw po ang asawa ni ka Tonyo. Kakatulungin daw po si Nanay sa pagpapaanak. Nasaan po si Kuya Gardo? Hindi po ba ninyo siya kasama?

**Pedro** : Umigib siya ng tubig. Ayan na pala siya.

**Ninay** : 'Tay, aalis na po ako at baka mahuli po ako sa klase.

**Pedro** : O, sige dalian mo, ingat ka.

**Ninay** : Mag-iingat po ako. Ay, muntik ko nang makalimutan!

**Pedro** : Ang ano?

**Ninay** : May sulat po para sa inyo. Iniabot sa akin ni Mang Iking. Eto po, 'Tay.

**Ninay** : Paalam na po.

**Gardo** : 'Tay, kakain na po ba tayo?

**Pedro** : Basahin mo muna itong sulat sa akin, Gardo. Hindi ko nadala ang aking salamin.

**Gardo** : Siguradong galing ito kay Efren.

**Pedro** : Paano mo nalaman?

**Gardo** : Maynila po ang selyo.

**Pedro** : Ganon ba? Hala, basahin mo na at nang mapakinggan natin ang mga sinasabi ng kapatid mo.

**Gardo** : "Mahal kong Tatay, sori po at hindi ako madalas makasulat kahit gusto kong sumulat. May klase po ako mula umaga hanggang hapon, anim na araw sa isang linggo. Sa gabi naman ay ginagawa ko ang aking mga asaynment pagkatapos kong maglaba. Kailangan ko pong magtipid para makabili ng kailangan sa eskuwelahan.

**Gardo** : Lagi na lamang nagrereklamo si Efren.

**Pedro** : Sige, ituloy mo ang pagbabasa.

**Gardo** : "...Tiyak nahihirapan po kayo sa pagtustos sa aking pag-aaral dito sa Maynila. Tatay, alam kong hindi po ako dapat makadagdag sa mga problema ninyo pero malapit na ang aming eksamen sa kalagitnaan ng semestre. Kailangan kong bayaran ang pangalawang hulog sa aking matrikula nang hindi lalampas sa unang linggo ng susunod na buwan. Umaasa akong matutulungan po ninyo ako."

**Pedro** : May natira pa akong pera mula sa inutang ko noong Mayo. Itinatabi ko 'yon para pambili ng abono.

**Gardo** : Eh di, bilhin po ninyo, 'Tay! Hayaan ninyong maghintay si Efren kung kailan tayo magkakapera para sa matrikula niya. Pakinggan pa po ninyo ang sulat niya!

**Pedro** : A... ano pa?

**Gardo** : (Itutuloy ang pagbabasa) "Mahirap ang buhay dito sa Maynila. Nami-miss ko na po kayo at gusto ko nang makauwi. Tinitiis ko po ang pangungulila dahil iniisip kong balang-araw ay makatutulong ako na maiahon ang ating pamilya sa matagal nang kahirapan."

**Pedro** : (Nagagalit) Anong ibig niyang sabihin? Wala akong ginawa para guminhawa ang buhay natin? Na siya lamang ang makakapag-ahon sa atin sa kahirapan?!

**Gardo** : Opo! 'Yan po ang gusto niyang sabihin! Lumalaki na ang ulo ni Efren. Sa tingin niya, mas magaling siya kaysa sa inyo o sa sinuman dito sa ating baryo. Nagkamali po kayong ipadala siya sa Maynila para makatapos ng kolehiyo. 'Tay, makabubuting pabalikin na lang po ninyo siya rito.

**Pedro** : Oo, pababalikin ko na siya rito!

Kinalaunan, sa bahay..

**Delia** : Mano po, 'Nay.

**Sepa** : Delia, kaawaan ka ng Diyos, anak. Ano ang ginagawa mo rito sa loob ng bakuran? Nasa bahay na ba ang Tatay mo?

**Delia** : Kararating lang po niya kasama si Kuya Gardo.

**Sepa** : Nasaan na sila?

**Delia** : Nasa taas po.

**Sepa** : Siguradong pagod na pagod sila sa kakatrabaho sa bukid buong araw.

**Delia** : Oo nga po, kaya po siguro wala siya sa kondisyon nang dumating.

**Sepa** : Wala sa kondisyon ang tatay mo?! Aakyat ako at kakausapin ko.

**Delia** : 'Nay, puwede pong dito muna ako?

**Sepa** : O, sige, pero huwag kang magtagal diyan. Umakyat ka at tulungan mo akong maghanda ng hapunan.

**Sepa** : Pedro? Nasaan ka, Pedro? Baka tulog na ‘yon. (Pagkaraan) Kanino ang sulat na ‘to? Naku, galing kay Efren!

**Pedro** : Nandiyan ka na pala.

**Sepa** : Kararating ko lang. Tingnan mo Pedro, may sulat galing kay Efren. Halika, tumabi ka sa akin para mapakinggan mo ang sinasabi ng anak mo. Pakinggan mo: (babasahin) “

: “Mahal kong Tatay, sori po at hindi ako madalas makasulat kahit gusto kong sumulat. May klase po ako mula umaga hanggang hapon, anim na araw sa isang linggo. Sa gabi naman ay ginagawa ko ang aking mga asaynment pagkatapos kong maglaba. Kailangan ko pong magtipid para makabili ng kailangan sa eskuwelahan. (naaawa) Tingnan mo kung gaano karesponsable ang anak mo? Sinisikap niyang magtipid para hindi siya hingi nang hingi sa iyo ng pera.

**Sepa** : (Itinuloy ang pagbabasa) “...Tiyak nahihirapan po kayo sa pagtustos sa aking pag-aaral dito sa Maynila. Tatay, alam kong hindi ako dapat makadagdag sa mga problema ninyo pero malapit na ang aming eksamen sa kalagitnaan ng semestre. Kailangan kong bayaran ang pangalawang hulog sa aking matrikula nang hindi lalampas sa unang linggo ng susunod na buwan. Umaasa akong matutulungan po ninyo ako.” (bubuntung-hininga) Kawawang Efren, nahihiya siyang humingi ng pera sa iyo pero wala siyang ibang malalapitan.

**Pedro** : Si... siguro nga’y tama ka.

**Sepa** : Siyempre, tama ako. Pero teka muna, tatapusin kong basahin ang sulat...

**Efren** : “Mahirap ang buhay dito sa Maynila. Nami-miss ko na po kayong lahat (Humihikbi)... at gusto ko nang makauwi. Tinitiis ko po ang pangungulila dahil iniisip kong balang-araw ay makatutulong ako na maiahon ang pamilya sa matagal nang kahirapan.” ‘Tay, lagi akong nagpapasalamat sa iyo.

**Efren** : Ihalik na lang ninyo ako kay Nanay, Delia at Kuya Gardo. Lagi kayong nasa puso’t isip ko...”

**Sepa** : Efren, mabuti kang anak.

**Pedro** : Oo, (pabulong) mabuting anak si Efren, Sepa.

**Sepa** : Teka nga pala, Pedro, bakit wala ka sa kondisyon  pagdating mo galing sa bukid?May problema ka ba?

**Pedro** : Problema? Wala, wala akong problema. Meron lang akong kaunting hindi nauunawaan kanina. Pero naintindihan ko na ngayon.

**WAKAS**



## Subukan Natin Ito

1. Tungkol saan ang sulat?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Sa palagay mo, paano binigyang-kahulugan ng panganay na anak ang sulat? Anong bitaw ng boses ang pinangibabaw niya? Sa palagay mo ba’y nagseselos siya sa kaniyang kapatid?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Sa palagay mo, paano binigyang-kahulugan ng ina ang sulat? Anong bitaw ng boses ang pinangibabaw niya? Talaga bang ganyan ang mga ina?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

4. Alin sa dalawang pagbibigay-kahulugan ang mas tumutugma sa ibig ipaabot ng lumiham na anak?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

5. Alin sa dalawang pagbibigay-kahulugan ang nagustuhan mo? Bakit?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

Kung gayon, natutuhan mo sa gawaing ito kung paano nakaaapekto ang bitaw ng boses sa damdamin ng ideya o mga ideyang ipinahahayag. Napakaraming paraan ng pagbibigay-kahulugan sa ideya, kaisipan o mensahe batay sa iba’t ibang bitaw ng boses, sinasadya man o hindi.

Nakarinig na ba kayo ng mga nagtatalong magkakapamilya o magkakaibigan?

Malimit, ang mga pagtatalo o hindi pagkakasundo, bunga ay ng hindi pagkakaunawaan o maling pagbibigay-kahulugan sa mga bagay-bagay.

Ang pinakahalimbawa nito'y ang galit ng magulang sa anak na palasagot minsan. Itinuturing ng magulang na tanda yaon ng hindi pagrespeto. Ngunit kung pakikinggan mong mabuti ang sinisikap na ipahayag ng anak, malalaman mo na may mga pagkakataong nararamdaman ng anak na kailangang magpaliwanag siya para mailinaw ang isyu. Sa kasamaang-palad, sa kasong ito'y binibigyang-kahulugan na hindi pagrespeto ang pagpapaliwanag ng anak dahil ang paraan mismo ng pagpapaliwanag ay ipinahahayag sa boses na kahihigingan ng tila kawalang respeto.

Maaaring masama ang loob ng anak o kaya'y walang pasensiya o galit pa nga. Ngunit anuman ang damdamin ng anak sa pagkakataong yaon, ang pinakamahalaga ay ang maging sensitibo sa damdamin ng isa't isa ang magkabilang panig na sangkot, ang magulang at anak. Kailangan ang lakas ng karakter ng tao upang maisantabi ang edad, katayuan o posisyon at mabigyan ng pagkakataon na mapakinggan ang sinuman. Mahalaga ang makinig upang malutas ang alitan at hindi pagkakaunawaan.

Sa mas malawak na saklaw, ang mga digmaan, rasismo at pagkapanatiko ay maibabaon sa limot kung ang mga tao ay magkakaroon ng panahong mag-usap at makinig sa interes at usapin ng isa't isa. Karamihan sa mga problema sa mundo ay dahil sa kawalan ng kakayahan ng mga tao na makinig sa problema ng iba.

Makapagbibigay ka pa ba ng ilang sitwasyon na maaaring mabigyan ng masamang kahulugan o hindi maunawaan ang isang tao dahil sa mismong bitaw ng kaniyang boses sa pagpapahayag ng ideya, kaisipan o mensahe? Anuman ang mga halimbawa mo, ipasuri mo sa *Instructional Manager*. Humingi ng karagdagang komentaryo hinggil sa mga sarili mong mga halimbawang sitwasyon.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Tukuyin kung anong bitaw ng boses ang naaangkop sa sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Narinig mo ang isang babaeng humihingi ng saklolo dahil inagaw ang kaniyang bag. Ang bitaw ng kaniyang boses ay maaaring...

    a. litong-lito o halos histerikal
    b. masaya at natutuwa
    c. malungkot at halos maiyak
    d. nagsasaya

2. Habang kumakain sa isang restoran, natapunan ng weyter ng isang basong tubig ang kaibigan mo. Ang bitaw ng boses ng kaibigan mo ay maaaring...

   a. kampante at may tiwala
   b. gulat at galit
   c. masaya at kuntento
   d. galit at napahiya

3. Nahuli ng pulis ang isang mama sa isang lugar na bawal pumarada. Upang makumbinsi ang pulis na di siya binigyan ng tiket ng paglabag, ang bitaw ng boses ng hinuli ay dapat maging...

   a. ninenerbiyos at nalilito
   b. mayabang at nanghahamon
   c. pautos at pasigaw
   d. magalang at humihingi ng paumanhin

4. Minamadali ng isang empleyado ang isang mahalagang ulat para sa kaniyang boss. Pero nagluko ang kompyuter at ang puwede lamang na magamit na printer ay yaong sa kaopisina niya na walang minamadaling trabaho. Habang papalapit ang empleyado para makiusap na gumamit ng printer ng kompyuter, ang dapat nangibabaw na boses ay...

   a. pautos
   b. mapagkaibigan at kalugod-lugod
   c. magalang
   d. malamig sa pakikipag-usap

5. Nilapitan ng guwardiya ang dalawang nagtatalo sa harap mismo ng kaniyang puwesto. Sinikap ng guwardya na ayusin ang alitan. Ang tono ng boses ng guwardya ay:

   a. boses ng awtoridad at nagmamando
   b. diplomatiko at mapagkasundo
   c. mapagkaibigan at masigla
   d. ninenerbiyos at nanginginig

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 38.



## Tandaan Natin

- Sa pakikipag-usap kaninuman, lalo na sa pagpuna, dapat na maging maingat upang hindi makasakit ng damdamin ng iba;
- Sa pakikitungo sa iba, dapat tayong maging sensitibo sa sinasabi nila. Ano ba ang totoong mensahe na kanilang ipinaabot?
- Nagbabago ang kahulugan ng isang mensahe batay sa pangingibabaw na bitaw ng boses.


# Pagmamasid at Pagbibigay-kahulugan

Alam mo bang maaari tayong makipag-usap kahit hindi gumagamit ng mga salita? Tinatawag itong di-pasalitang komunikasyon. Sa mga unang aralin, napag-aralan mo na ang pasalitang komunikasyon.

Lahat ng tao, pati mga hayop, ay gumagamit ng di-pasalitang komunikasyon. Ikinakawag ng aso ang kaniyang buntot o kapag gusto namang maglakad, dinadala niya ang tali sa kaniyang amo. Humahalukipkip ang mga gorilya para ipakitang hindi sila mananakit. At ang mga tao'y ngumingiti, nakakunot-noo, at kumukumpas para maiparating ang mga mensahe. Sa araling ito, pag-aaralan mo ang mga ito at ang ibang di-pasalitang senyas.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- Ipaliwanag ang kahulugan ng di-pasalitang komunikasyon o mga senyas;
- Tukuyin ang mga paraang paggagamitan ng komunikasyong di pasalita; at
- Ilarawan ang mga halimbawa ng mga di-pasalitang senyas.




## Alamin Natin


Tingnan ang mga ilustrasyon sa ibabaw. Ilarawan ang nakikita mo.



1. ____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________



2. ______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________



3. ______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________



4. ______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________



5. ______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40.


Kapag tiningnan mo ang mga ilustrasyon, mailalarawan mo ang mga damdamin o mensahe na sinisikap ipakita ng mga ilustrasyon. Hindi kinakailangan ang mga nakasulat na salita para malaman kung ano ang nangyayari.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Maraming paraan kung paano ipinakikita ng mga tao ang mga mensahe nang hindi gumagamit ng mga salita, o sa pamamagitan ng tahimik na "pagpapahiwatig ng mga galaw ng katawan." Inilalarawan ang mga ito dito.

- *Ekspresyon ng Mukha*. Mga galaw ito ng bahagi ng mukha tulad ng bibig, mata at kilay. Ang pagngiti, pagkunot-noo, pagngisi ay mga pagpapahayag ng hitsura ng mukha. May naiisip ka pa bang ibang pagpapahayag?





- *Pustura*. Ito ang galaw ng katawan. Ang pustura ay maaaring nakatindig, nakayuko, nakayukyok, atbp. Maaaring ang pakahulugan sa pusturang kampante ay relaks ang tao o kaya'y palagay ang loob. Pagiging kabado o alisto ang ipinahihiwatig naman ng pakatuod. Ano ang pustura ng katawan mo ngayon?






♦ *Pagkumpas.* Ito ang mga galaw ng kamay o iba pang bahagi ng katawan bukod pa sa mga bahagi ng mukha.



♦ *Distansiya sa pagitan ng dalawa o higit pang tao.* Ito ang distansiya sa pagitan ng dalawa o higit pang tao. Maaaring magkatabing nakaupo o nakatayo habang nag-uusap ang matalik na magkaibigan. Malimit magkalayo ang mga hindi magkakakilala.




♦ Ang matamang pagmamasid ay makatutulong mabigyan mo ng kahulugan ang anumang nararamdaman ng isang tao. Batid mo na, ang isang tao ay maaaring nagsasabi ng isang bagay ngunit maaaring kabaligtaran ito sa nararamdaman niya. Kapag pinag-aralan mo angkaniyang mga di-pasalitang senyas, makatutulong ito upang maging mulat ka sa tunay mong na damdamin. Tingnan natin ang isang halimbawa.

Sa dalawang larawan, alin sa dalawang lalaki ang mukhang mas tapat sa kaniyang mga salita? Bakit gayon ang palagay mo? Isulat ang sagot mo bago ka lumipat sa susunod na pahina.


Kung ang isinagot mo ay ang lalaki sa ikalawang larawan ang siyang mas tapat, tama ka. Ipinahihiwatig ng galaw ng kaniyang katawan na masaya siya't nakita ka niya at malugod kang tinatanggap sa kaniyang bahay. Pansinin ang kaniyang ngiti at nakalahad na mga kamay.

Nakita mo sa tahimik na pahiwatig ng galaw ng katawan o sa mga di-pasalitang senyas na maaari tayong matuto sa pagbibigay-kahulugan sa mga tunay na damdamin ng isang nagsasalita.




## Alamin Natin

May ilan pa tayong halimbawa ng mga di-pasalitang senyas. Karamihan sa mga ito'y pagpapahayag ng hitsura ng mukha. Inilarawan na ang mga ito para sa iyo. Mabibigyan mo ba ng kahulugan ang sinasabi at nararamdaman ng mga taong inilarawan? Isulat ang iyong mga sagot.



1. Matigas na nakakunot-noo ang batang lalaki; nakalabi siya.




2. Bahagyang napapangiti ang binatilyo.



3. Bahagyang nakakunot-noo ang batang babae. Nakatukod ang isa niyang daliri sa gilid ng kaniyang bibig.

______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________



4. Nakatingin sa iyo ang dalagita. Ikinakaway niya ang isang daliri.

______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________



5. Pumikit ang dalagita, ibinubuka niya ang kaniyang bibig, at malalim siyang bumuntong-hininga.

______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________


Ihambing ang iyong sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40.



## Pag-isipan Natin Ito

Ang mga di-pasalitang senyas ay mahusay sa pagpapahayag ng damdamin. Nagpapahayag ang mga ito ng galit, saya, lungkot, takot at iba pang damdamin.

Ngunit hindi nakapagpapahayag ng ideya o ng isang materyal na bagay ang mga di-pasalitang senyas. Halimbawa, hindi ito nakapagpapahayag ng mga konsepto tulad ng kagandahan o pangungusap na "Gusto ko nang umuwi."



Tulad ng nabanggit kanina, ang mga di-pasalitang senyas ay mabisa sa pagpapahayag ng mga damdamin. Sa palagay, mo bakit nga ba gayon?

Nagiging kasangkapan ang katawan ng tao sa pagpapahayag ng mga damdamin. Kung ano ang nararamdaman ng katawan, yaon din ang ipinahahayag nito. Sa kabilang dako, mas naipaliliwanag at naipahahayag ang mga ideya at bagay sa pamamagitan ng mga salita.

Halimbawa, maaari mong isipin na maalinsangan o alumpihit ka ngayon dahil tipikal na mainit ang sikat ng araw. Ngunit, maaaring hindi mo maramdaman ang alinsangan o pag-alumpihit. Buhay ang pakiramdam mo sa ganda ng sikat ng araw kaya nakangiti ka sa maghapon.

Kung gayon, ang mga di-pasalitang senyas ay kumakatawan sa ating mga damdamin samantalang ang mga ideya at bagay ay naipahahayag ng mga salita.

May dalawang uri ng mga di-pasalitang senyas: "likas" at "natututuhan."


Ang mga senyas na likas ay mga unibersal at hindi napag-aralan. Ginagamit ang mga ito ng lahat ng tao sa mundo. Kahit ang maliliit na bata ay gumagamit nito kahit hindi sila tinuturuan. Halimbawa'y ang pagngiti, pagkunot-noo, at pagdilat ng bata kapag nagugulat.

Tandaan, ang mga di-pasalitang senyas ay hindi kailangang ituro at likas lamang na lumalabas tulad ng paghikab. May naiisip ka pa bang iba? Ano agad ang naisip mo? Isulat ang mga ito.

____________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.

Samantala, ang mga senyas na natututuhan ay ang mga dapat pag-aralan ng bata bilang bahagi ng kultura o komunidad na kinabibilangan niya. Halimbawa'y ang pagkaway ng pamamaalam at ang pakikipagkamay bilang paggalang kapag ipinakikilala.



Lubhang pinahahalagahan ng mga Filipino ang mga tradisyon. Hindi nakagugulat na malaman na marami sa mga senyas na natututuhan ay likas din sa mga Filipino. Ang mga senyas na yaon ay nagpalipat-lipat ng henerasyon. Isang matagal nang halimbawa ay ang pagmamano bilang tanda ng ating paggalang.

Hanggat maaga'y ipinamamana sa atin ang mga senyas na natututuhan. Ang mga ito ay nagiging bahagi na ng ating pagkatao. Mas madalas, ang mga senyas na natututuhan ang dahilan ng pagiging katangi-tangi ng isang pangkat ng mga tao. Ang isa pang halimbawa ay ang nakasanayang mabilis na paggalaw ng kilay ng mga Filipino para batiin ang iba.

Sa ibang bansa, ang "thumbs up" o nakaturo pataas ang hinlalaki ay senyas na hindi lagi nangangahulugang okey o maayos ang lahat. Sa ibang bayan, malaswa ang gayong senyas.




## Subukan Natin Ito

Kahit na nakatutulong ang mga di-pasalitang senyas, hindi tayo dapat umasa sa mga ito. Kung minsan, hindi malinaw ang ibig ipakahulugan ng mga ito. Halimbawa, tingnan ang drowing ng isang "poker face" o mukha na walang ipinapahayag na tiyak na damdamin. Bakit hindi mo subukang bigyang-kahulugan ang senyas na ito?

_______________________________________________

Walang ipinahahayag na damdamin ang mukhang ito, kaya mahirap hulaan kung ano talaga ang nasasaloob ng taong ito.



Ang tao ring ito ay hindi laging kumikilos nang ganyan. Ngumingiti siya kapag masaya, ngunit maaaring ngumingiti rin siya kapag nagpapakita siya ng paggalang. Kung gayon, dapat mong makilalang mabuti ang tao para matiyak kung tama ang pakahulugan mo sa kaniyang di-pasalitang senyas.

Dapat mong hasain ang kakayahan sa  pagbibigay-kahulugan sa mga galaw ng katawan. Narito ang ilang pagsasanay na makatutulong sa iyo. Gawin ang mga ito kapag may panahon ka at kapag umaayon ang kalagayan. Kapag nag-iisa, ilarawan ang kakayahan mo. Isulat ang mga ito. Tiyaking mailalarawan mo rin ang pagbibigay-kahulugan sa anumang di pasalita di-pasalitang asal o kilos.

1. Kapag nanonood ka ng telebisyon, patayin ang bolyum. Panoorin ang galaw ng mga mukha, kumpas at iba pang di-pasalitang senyas ng mga nagsisiganap. Subukan mong hulaan ang sinasabi o nararamdaman nila nang hindi mo naririnig ang kanilang mga binibigkas.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Kapag nasa isang lugar ka tulad ng mall, parke, o palengke, pagmasdan mo ang mga taong nagsasalita. Ngunit dapat malayo ka para hindi mo marinig ang kanilang sinasabi. Pagmasdan ang galaw ng kanilang mga katawan at bigyang-kahulugan ang kanilang mga pinag-uusapan at nararamdaman.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Kung may pagkakataon, pagmasdan mo ang mga dayuhan na nagsasalita ng banyagang wika. Subukan mong alamin ang kanilang sinasabi batay sa sarili nilang mga galaw senyas.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

4. Makatutulong ang sumusunod upang mas makilala mo ang mga nakagawiang galaw ng katawan ng iyong kaibigan o taong malapit sa iyo. Tuwing magkasama kayo, pagmasdang mabuti ang mga di-pasalitang senyas ng naturang tao. Pagmasdan ang hitsura at kilos kapag siya'y:

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   - masaya
   - malungkot
   - nagulat
   - nagalit
   - nag-iisip nang malalim
   - nag-uusisa
   - ninenerbiyos
   - nahihiya
   - nakararanas ng iba pang damdamin

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Kapag matagal mo na itong ginagawa, huhusay ka sa pagbibigay-kahulugan sa damdamin ng iyong kaibigan kahit hindi niya sinasabi sa iyo ang mga ito.

Nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 41 ang ilang halimbawang sagot sa apat na gawain. Iba't-iba ang sagot batay sa sitwasyon at pook na pinagmamasdan. Ngunit, maaari mong ihambing sa mga halimbawang yaon ang mga natuklasan mo mismo upang magsilbing gabay sa sariling pag-unawa sa pagbibigay-kahulugan sa di-pasalitang asal o kilos. Talakayin din sa *Instructional Manager*, mga kaibigan o kapamilya ang iyong mga nakita para sa karagdagan pang komentaryo.

## Magbalik-aral Tayo

Ilahad ang pagkakaiba ng mga senyas na likas at natututuhan. Magbigay ng halimbawa sa bawat isa.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 43.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang tamang salita o kataga sa mga patlang sa ibaba. Piliin ang mga sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| mapagmasid | damdamin | Pustura |
| Poker face o mukha na wala ni anumang ipinahahayag na damdamim | mga senyas na likas | mga senyas na natututuhan |
| mga hayop | kontak o agwat | pagpapahayag ng itsura ng mukha |
| mga bata | kumpas | maingat |
| | tapat | di-pasalitang komunikasyon |

1. ___________ ay komunikasyong hindi gumagamit ng mga salita.
2. Ang mga galaw ng katawan ay nagpapahayag ng ___________.
3. ___________ ay nauunawaan at ginagamit ng lahat, kahit ng mga bata.
4. Ang isang ___________ ay wala ni anumang ipinahahayag na damdamin.
5. ___________ ay mga paggalaw ng kamay at iba pang bahagi ng katawan, di kabilang dito ang mga bahagi ng mukha.
6. Kung paano mo dinadala ang sarili ay ang iyong ___________ .
7. ___________ ay ang agwat sa pagitan mo at ng iyong kausap.
8. Kahit ___________ ay gumagamit ng di-pasalitang wika.
9. Ang ngiti at pagkunot-noo ay halimbawa ng ___________.
10. Sa pamamagitan ng pagiging ___________, huhusay ka sa pagbibigay-kahulugan sa mga galaw ng katawan.



## Tandaan Natin

- Mababasa natin ang mga di-pasalitang senyas sa batay sa pagmamasid sa ipinahahahayag ng hitsura ng mukha ng tao, dalawa o higit pang tao ng kaniyang pustura at pagkumpas. Ang kontak at agwat sa pagitan ng dalawa o higit pang tao ay isa ring di-pasalitang pahiwatig.
- Ang mga di-pasalitang senyas ay nagmumungkahi sa atin hinggil sa tunay na damdamin ng sinumang nagsasalita. Maaaring iba ang kaniyang tunay na damdamin sa totoong kaniyang sinasabi.



## Ibuod Natin

Ang mabisang komunikasyon, sa kasamaang-palad, ay hindi nalilimita sa pagsasalita. Nangangailangan din ito ng mahusay na pakikinig at di-pasalitang kasanayan. Hindi sapat na mahusay sa bokabularyo at panitikan ang isang tao. Alam din ng isang mahusay makipagtalastasan na ang pakikinig ay singhalaga ng pagsasalita. Ang bagsak ng boses o anumang paraan ng pagbitaw sa mga salita ay nagbubunyag ng samutsaring damdamin na may ilan ding pakahulugan. Walang puwang sa hindi pagkakaunawaan kung may kakayahan ang sinuman na matukoy ang bawat saloobin o damdamin.

Bukod sa paggamit ng mga salita sa komunikasyon, mahalaga ring malaman na nagaganap din ang komunikasyon sa pagpapahayag ng mga damdamin naibinabatay sa hitsura ng mukha, kumpas, postura, kontak at agwat. Ang buong katawan ang kasangkapan ng isang tao upang maipahayag niya ang kaniyang sarili.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Basahin ang mga talata. Pagkatapos, isulat ang mga ito sa sariling mga salita.

1. “Sa paglipas ng mga taon, nakasanayan na natin ang pag-iral ng ating mga magulang. O kaya nama’y naisantabi natin sila simula pa sa ating pagkabata hanggang sa titigan natin sila’t ituring na dalawang natatanging nilalang at hindi na lamang bahagi ng kinamulatan nating tahanan. Sa gayon, muli natin silang kinasanayan at totoong nakilala.”

   (Joseph A.Davis, sinipi sa Reader’s Digest)

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

2. “Si Helen ay nasa mga 60 taong-gulang na at may pulang buhok at malaki ang paggalang niya sa sarili, ang katangian hindi ko taglay at labis na ipinagdamdam. Hinahangaan ko si Helen dahil ginagawa niya ang pinakamalapit sa kaniyang puso ang paglilingkod sa mga tao-at walang higit na nakakagawa ng gayon kundi siya lamang. Napangingiti niya't napaluluwag ang loob ng lahat, kustomer man o kapwa katrabaho.

   Natutuhan ko rin kung gaano kahalaga ang maipagmalaki ang mumunting tagumpay ng sarili. Kapag tumutulong ako sa kusina, wala nang gagaan pa sa pakiramdam sa tuwing magpiprito ako ng dalawang itlog, mabilis na binabaligtad ang mga ito upang maihain ayon mismo sa nakasanayan ng mga kustomer.

   (Suze Orman, sinipi sa Reader's Digest)

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

B. Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ilahad ang pagkakaiba ng pasalitang komunikasyon at di-pasalitang komunikasyon.

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

2. Sa palagay mo, alin sa dalawa ang mas mahalaga, ang pasalitang komunikasyon o ang di-pasalitang komunikasyon? Ipaliwanag kung bakit?

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

   _______________________________________________________

3. Magbigay ng halimbawa ng kung kailan nakalalamang ang pagiging mabisang mananalastas.

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

C. Tingnan ang mga larawan. Sa palagay mo, anu-ano ang damdaming ipinahahayag ng tao? Ilarawan ang mga ito sa isa o dalawang pangungusap.



1. ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



2. ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



3. ________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Napakadali bang gawin? Maaari ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 44–45. Alam na alam mo na ngayon ang tungkol sa mabisang komunikasyon. Maaari mong pag-aralang muli ang modyul na ito para mapag balik-aralan ang natutuhan mo. Kung may hindi ka nasagot, huwag mag-alala. Pagbalik-aralan mo ang mga bahagi ng modyul na hindi mo nauunawaan.

Kung kaya mo nang sagutin nang tama ang lahat ng na pagbalik-aralang tanong, tapos ka na sa modyul. Naging mahusay kang mag-aaral at maaari ka nang tumungo sa susunod na modyul. Binabati kita at ipagpatuloy mo ang mahusay na gawain!

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

Mga halimbawang sagot lamang ang mga nasa ibaba. Bukod sa mga ito, maaari kang magbigay ng iba pang sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

A. 1. Sinubukan kong itanong sa aking mga kaibigan kung ano ang nakikita nila sa mundong ito. Kahapon lamang, tinanong ko ang aking matalik na kaibigan kung ano ang nakita niya sa labas. Wala raw siyang nakita. Maaaring ikagulat ko ang kaniyang tugon ngunit sadyang nasanay na ako sa mga gayong sagot.

2. Paano mangyayaring wala ka man lang nakitang kahit na ano? Bulag ako ngunit nakakikita ako ng maraming nakalulugod na bagay sa pamamagitan ng pagkapa. Nakakikita ako ng isang dahon. Nakakikita ako ng magaspang na balat ng puno. Nakakikita ako ng buko ng bulaklak. Lahat ng ito'y nakikita ko sa pamamagitan ng payak na pagkapa lamang.

B. 1. Mukhang bigo at nawawalan siya ng pag-asa. Parang marami siyang problema. Marahil, hindi niya alam kung paano lutasin ang kaniyang mga problema.

2. Galit ang taong ito. Marahil, nakipag-away siya. O marahil, may narinig siyang hindi niya nagustuhan.

3. Mukhang masayang-masaya ang taong ito. Marahil, tuwang-tuwa siya pagkaraan ng matagumpay na pagtatapos.

### B. Aralin 1

*Basahin Natin Ito (pp. 4–6)*

Isang halimbawang sagot lamang ito. Bukod maaari kang magbigay ng iba pang sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang pang komentaryo.

Ang talumpati ay tungkol sa pangarap ni Martin Luther King na mas maging malaya ang Amerika. Pangarap niya na balang-araw ang lahat ng Amerikano ay mamumuhay nang pantay-pantay at masagana. At nawa'y makita bawat isa ang anumang higit pa sa kulay ng balat ng isang tao.

*Subukan Natin Ito (pp. 8–9)*

2. Ang talatang ito ay tungkol sa mga saging.

Sinasabi nito sa akin kung gaano kabuti sa katawan ang saging.

3. Narito ang halimbawa ng paghalaw. Maaaring bahagyang naiiba ang pagpapakahulugan mo ngunit dapat ding umaayon sa listahan sa pahina 7, ibig sabihin, yaon ay

   - naglalaman ng kompletong ideya
   - wasto o tugma
   - may kabuluhan
   - isinulat sa sarili ng mga salita
   - nagpapakita ng pagkaunawa sa paksa

Masarap ang saging. Mayaman ito sa mineral, karamiha'y potassium, na makabubuti sa mga kalamnan. Kung kulang sa potassium ang katawan mo, magkakaroon ka ng insomnia, di-regular na tibok ng puso o sa pangkalahata'y panghihina. Maaari kang kumain ng saging araw-araw, ihalo ito sa kanin, sa pankeyk, o tuhugin at ipalamig.

Ang halimbawang sagot ay umaayon sa listahan. Tumutugma ito at nakabatay sa impormasyon sa talata. May kabuluhan ito at ginamit dito ang sarili kong mga salita. Hindi nito ipinakita kung ano ang naunawaan dahil tinalakay lamang naman nito ang maraming mabuting naidudulot ng saging.

Maaari mong ipakita sa iyong *Instructional Manager* ang ginawa mong paghalaw para sa karagdagan pang komentaryo.

**Magsanay pa**

2. Ang usapang ito ay tungkol sa taya ng panahon.

   Sinasabi nito sa akin na maaaring umulan bukas.

3. Maaaring umulan nang malakas bukas nang hapon. Kailangan nating magdala ng payong o kapote para hindi maulanan. Ang ulat na ito ay para lahat.

*Alamin Natin (pp. 9–10)*

Isang halimbawang sagot lamang ito. Bukod dito, maaari kang magbigay ng iba pang sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

Ang araw ay hindi talaga planeta kundi isang bituin. Sa kalawakan, ito ang pinakamalapit na bituin sa atin. Ang araw ay isa lamang sa iba pang milyong bituing matatagpuan sa iba pang galaxy. Isang globo ng gas ang araw na may temperatura, 10,000°F (5,500° C). Ang higit na malawak na pagsabog ng liwanag ng araw ay nanggagaling sa ibabaw nito.

Para sa tao, ang araw ay hindi lamang nagbibigay ng liwanag; Nagbibigay din ito ng enerhiya tulad ng enerhiyang solar. Katunayan, ang init ng araw ang pinakamabisang mapagkukunan ng Bitamina D. Mapanganib nga lang ang labis na pagbibilad sa araw pagkat pinagmumulan ito ng kanser sa balat o iba pang malalang sakit sa balat.

*Subukan Natin Ito ( pp. 10–11)*

Isang halimbawang sagot lamang ito. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

Ang minamahal na bayang ito ay isang lupaing likas na maganda at mayaman. Isang bansang may maraming masipag na tao at mamamayang nagmamahal sa kalayaan. Maraming magigiting na kalalakihan at kababaihan ang nag-alay ng sariling buhay para makamit ang kasarinlan. At habang patuloy na nagwawagaygay ang makulay at masigla nitong bandila, patuloy din ang mamamayan sa kanilang pagmamahal sa bayan kalayaan at kasaganaan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 11–12)*

1. Ang paghalaw ay ang maipahayag sa sarili mong mga salita ang anumang nakasulat o binigkas.

2. Ang B ay para sa Basahin ang talata—kailangang basahin mo muna ang paksa na ipahahayag sa sariling mga salita.

   Ang T ay para sa Tanungin ang sarili-alamin kung tungkol saan ang talata.

   Ang I ay para sa Ipahayag sa sarili mong mga salita ang talatang binasa habang pinananatili ang orihinal na ideya at kaisipan.

3. Ang paghalaw ay humihimok, kung tutuusin, sa bawat mag-aaral upang mag-isip ng ganang kaniya at maipahayag ang kaniyang sarili. Ang paghalaw ay nakatutulong din na matukoy ang mga antas ng pagkaintindi at pagkaunawa sa mga binasang paksa.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 18–19)*

1. Ang sulat ay tungkol sa perang hinihingi ng anak na lalaki.

2. Galit na binasa ng panganay na anak na lalaki ang sulat. Marahil, nagseselos siya sa kaniyang kapatid.

3. Malumanay at nag-aalalang binasa ng ina ang sulat.

   Ang mga ina ay karaniwang labis na maasikaso, mapagmahal at mapag-alala sa mga anak, lalo na sa mga pangangailangan ng mga anak.

4. Ginawa ng anak ang sulat ayon sa kung paano ito binasa ng kaniyang ina.

5. Isang halimbawang sagot lamang ang nasa ibaba. Bukod dito, maaari kang magbigay ng sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

Mas gusto ko ang interpretasyon ng ina sa sulat ng anak na lalaki. Talagang sumasang-ayon siya sa kaniyang anak. Nauunawaan niya kung ano ang pinagdadaanan ng kaniyang anak—malayo sa pamilya, mag-isang nag-aasikaso ng

sarili, nagpapakahirap para lamang makatipid kahit na kaunti. Ang mas mahalaga, gusto ko ang naturang interpretasyon kaysa yaong kay Gardo dahil sa bandang huli ay nakita at nalaman ni Mang Pedro ang tunay na larawan. Halatang may bahid ng inggit ang interpretasyon ni Gardo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 19–20 )*

1. Sagot: (a) o (c)

    (a) litong-lito, halos histerikal

    May humahablot sa bag mo, hindi nakapagtatakang magpapansin ka sa lahat sa pagbabakasakaling may matapang na tumulong sa iyo para hulihin ang humahablot.

    (b) masaya at natutuwa

    Kung gusto mo naman talagang mawala ang bag mo dahil luma na ito o hindi sa iyo at wala naman mahahalagang laman.

    (c) malungkot at halos maiyak na

Maaari rin ang sagot na ito. Maaaring gulat na gulat ang biktima kaya walang nakakapansin kung ano ang nangyari. Ang ibang biktima'y nagkakaroon ng trauma o pagkalingaw kaya nag-iiyak na lamang.

(d) nagsasaya siya

Maaaring talagang may diperensiya ang biktima o maaaring katulad ng dahilan sa letrang (b)

2. Sagot: (b) o (d)

    (a) kampante o may tiwala

    Posibleng nagbaon ng damit na pamalit ang kaibigan.

    (b) gulat at galit

    Karaniwan, magugulat ang kaibigan dahil sa bagay na hindi inaasahan at mga galit dahil nabasa ang damit niya.

    (c) masaya at kuntento

    Kataka-taka naman kung ganito ang mararamdaman ng kaibigan.

    (d) galit at napahiya

Maaaring magalit ang kaibigan dahil nabasa siya at mapahiya dahil basa ang damit niya habang nasa restoran siya.

3. Sagot: (a) o (d)

   (a) ninenerbiyos at nalilito

   Isang mungkahing sagot. Maaaring ganito ang mahahalata sa boses mo lalo't ngayon ka lamang na-tiketan sa iyong bawal na pagparada. Maiintindihan naman kung lito ka dahil hindi mo nga alam ang gagawin sa gayong sitwasyon.

   (b) mayabang at nanghahamon

   Boses ito na mauulinig sa maiimpluwensiyang tao o yaong mga hindi takot na sumita ng awtoridad. Mapapaaway ka kapag ganito ang boses mo. Sa gayong sitwasyon, hindi maganda ang gayong bitaw ng boses.

   (c) pautos at pasigaw

   Hindi maganda ang ganitong bitaw ng boses. Magkakaroon ng isa pang dahilan ang pulis para ma-tiketan ka sa nagawang paglabag.

   (d) magalang at humihingi ng paumanhin

Maaari ring isagot ito. Kung ngayon ka pa lamang lumabag, babalaan ka lamang. Kung minsan, kailangan mong iparamdam sa ibang tao na sila ang may hawak sa sitwasyon at hindi ikaw.

4. Sagot: (b) o (c)

   (a) pautos

   Kung ganito ang bitaw ng boses, hindi magagamit ng empleyado ang printer ng kompyuter ng kaopisina. Talagang bastos ang ganitong asta.

   (b) magiliw at kalugud-lugod

   Hindi ka magkakamali sa ganitong boses. Tama lamang na maging sensitibo sa damdamin ng ibang tao.

   (c) magalang

   Isa pa ito na maaaring isagot. Walang mawawala kung magiging magalang sa ibang tao.

   (d) walang pakialam

Unang-una'y makikiusap kang makigamit ng printer ng kompyuter ng iba. Tandaan na humihingi ka ng pahintulot sa paggamit ng bagay na hindi sa iyo; maanong magpasabi man lang.

5. Sagot: (b) o (c)

   (a) boses ng awtoridad at nagmamando

Hindi makatutulong ang ganitong asta. Magmumukha ka lamang "dominanteng magulang" sa mga taong kaharap mo at kapag ganyan ka, hindi ka nila papansinin o pakikinggan.

(b) diplomatiko at mapagkasundo

Kapani-paniwala ang ganitong bitaw ng boses sa dalawang nagtatalo na huminto na lalo't mararamdaman na seryoso ka sa pag-awat sa kanila.

(c) magiliw at masigla

Tulad ng nabanggit na, mabisa lagi ang ganitong bitaw ng boses. Sa ganitong tagpo, malalaman agad ng dalawa ang asiwang sitwasyon at magpapasiya silang itigil o lutasin ang isyu, anuman ito, sa isang mapayapang paraan.

(d) ninenerbiyos at nanginginig

Kung isasaalang-alang ang katangian ng trabaho ng guwardya, hindi maipapayo ang ganitong boses. Hindi seseryosohin ang guwardya at babalewalain lamang siya. Tungkulin ng guwardiya na mapanghawakan ang gayong sitwasyon, kung hindi, wala siyang silbi.

## D. Aralin 3

*Alamin Natin (pp. 21–22)*

Isang halimbawang sagot lamang ito. Bukod dito, maaari kang magbigay ng iba pang sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

1. Larawan ng masaya at malungkot na mukha.
2. Larawan ng nakatayong sundalo.
3. Larawan ng taong sumesenyas ng "thumbs up."
4. Larawan ng magkayakap na babae at lalaki
5. Larawan ng dalawang taong nag-uusap sa isang kasiyahan.

*Alamin Natin (pp. 25–26)*

Isang halimbawang sagot lamang ito. Bukod dito maaari kang magbigay ng iba pang sagot na maaari ring tama. Ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagan pang komentaryo.

1. Naiirita o galit sa isang bagay ang binatilyo.
2. Masaya o nasisiyahan ang binatilyo. Maaaring may naaalala siyang nakasisiya.
3. Seryosong nag-iisip ang dalagita. Sinisikap niyang lutasin ang isang problema o inaalala ang isang problema.
4. Sumesenyas ang dalagita na lumapit ka sa kanya.
5. Pagod ang dalagita at gusto nang magpahinga o matulog.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 27 )*

Ang pinakakaraniwang di-pasalitang senyas na likas ay yaong mga senyas para mapangalagaan ang sarili. Halimbawa, agad na kinukusot natin ang mga mata kapag napuwing tayo. Para bang maalis ang puwing kapag ginawa ito. Isa pang halimbawa ay ang pagkunut-noo tuwing masisilaw sa liwanag. Parang senyas ito na takpan o iiwas ang mga mata sa nakasisilaw na liwanag.

*Subukan Natin Ito (pp. 28–30)*

Halimbawang sagot:

Maaaring isang estranghero ang tao kaya wala siyang ipinakikitang damdamin.

1. Ang tatlong tauhan sa palabas ay nag-uusap tungkol sa isang sekreto o impormasyon na hindi kailangang ihayag sa publiko. Ang pagkamalapit nilang tatlo ay nagpapahiwatig na hindi lamang sila magkakakilala. Ang dalawang iba pang tauhan ay bahagyang nakayukod para hindi sila marinig. Ang kanilang mga palinga-linga at pailalim na tingin ay nagpapahiwatig na ang tatlong nabanggit na tauhan ay may masasamang balak.
2. Sa isang mall, naglalakad at nagtatawanan ang isang pangkat ng kabataan. Nagpapahiwatig ito na papunta sila o kagagaling pa lamang sa isang kasiyahan. Ang naglalakad na magkapareha na magkahawak-kamay ay nagpapahiwatig na magkapalagayang-loob sila. May isang babaeng naglalakad nang mabilis, bitbit ang maraming plastik bag, halos mabangga na ang bawat makasalubong. Ipinahihiwatig ng gayong kilos na nagmamadali siya at gustong makarating agad sa patutunguhan sa kahit anong paraan.
3. Isang pangkat ng mga turista ang nasa isang napakasikat at napakagandang lugar; mukha silang sabik at namamangha sa mga nakikita. Para mapansin, itinuturo minsan ng ilang turista ang bagay na interesado sila. Kung minsan, nagugulat tayo sa reaksiyon nila. Ang ibang turista ay labis na nababahala sa isang bagay na karaniwan na sa atin. Ang labis nilang pananabik ay maihahalintulad sa isang batang nakakita ng bagong laruan.
4. Narito ang ilang karaniwang manipestasyon ng sumusunod na damdamin:
   - masaya
     - palangiti
     - magaan ang lakad at kampante
     - yumuyugyog ang katawan
   - malungkot
     - laglag ang mukha
     - kakatwa ang pananahimik
     - nakatulala minsan

- nagulat
  - lumuluwa ang mata
  - nanginginig ang katawan
- galit
  - lumuluwa ang mata
  - nakatiim-bagang o nagngangalit
  - mahigpit na nakatikom ang bibig
  - nakakuyom ang mga palad
  - naglalakad nang mabilis
  - namumula ang mukha
- nag-iisip nang malalim
  - nakatulala
  - nakahalukipkip ang isang braso at ang isa nama'y nakapangalumbaba
- nag-uusisa
  - nagkakandahaba ang leeg sa anumang sinisipat
  - nakayukod
- ninenerbiyos
  - nanginginig ang kamay at/o katawan
  - pabalik-balik sa paglalakad
  - namumutla
  - hindi mapakali
- nahihiya
  - nakahalukipkip o namimilipit
  - laging yumuyuko
  - tinatakpan ang bibig
  - iba pang damdamin:
- natatakot
  - nanginginig ang kamay o katawan
  - namumutla

- nag-aalala
  - nakatulala
  - hindi mapakali
  - pabalik-balik sa paglalakad
- nasasabik
  - natutuwa
  - palangiti o palatawa

*Magbalik-aral Tayo (pahina 31)*

Ang mga di-pasalitang senyas na likas ay mga di-pasalitang senyas na hindi kailangang ituro at naipahiwatig na lamang kahit na hindi pinag-aaralan. Halimbawa'y ang paghalukipkip at pagkiskis ng mga palad sa mga braso upang maibsan ang nararandamang pagkaginaw.

Ang mga senyas na natututuhan ay mga di-pasalitang senyas na kinakailangan o itinuturo sa atin dahil sa ating "pagiging kasapi" ng isang partikular na pangkat o kapaligiran. Halimbawa'y ang pagyukod ng mga Hapon para batiin ang isa't isa. Iba naman ang batian ng ibang tao sa ibang bayan. Ipinakikita ng partikular na di-pasalitang senyas na yaon ang pagiging katangi-tangi ng ilang taong naninirahan sa iba't ibang lugar at kultura.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 31)*

1. di-pasalitang komunikasyon di pasalita
2. damdamin
3. mga senyas na likas
4. "poker face"
5. kumpas
6. pustura
7. kontak o agwat
8. mga hayop o bata
9. ekspresyon ng mukha
10. mapagmasid

**E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?** *(pp. 32–34)*

Mga halimbawang sagot ang nasa ibaba. Maaari kang gumamit ng ibang salita at pangungusap sa mga talata na ipinahayag mo sa sariling pagpapakahulugan. Sa paghahanda ng sariling pagpapakahulugan, dapat nagawa mo ang BTI at tingnan kung naglalaman na ang iyong talata ng isang kompletong kaisipan, wasto o tugma, may kabuluhan, nasa sarili mong mga salita at nagpapatunay na naunawaan mo ang paksa. Maaaring ipakita ang mga sagot mo sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang pang komentaryo.

A. 1. Hindi natin totoong kilala ang ating mga magulang noong bata pa tayo. Hindi natin pinapansin o inaalam kung ano ang tunay nilang personalidad o katangian. Kapag tumatanda na tayo, saka lamang natin natututuhang pagmasdan ang ating mga magulang sa naiibang pagtanaw at nakikilala natin sila kung sino talaga sila.

2. Ipinagmamalaki ni Helen ang kaniyang ginagawa. Kitang-kita naman kung paano siya makitungo sa mga kostumer. Ang pagmamahal niya sa kaniyang trabaho ay nakintal sa isip ng mga taong nakakikilala sa kaniya. Itinituro ni Helen ang biyaya ng pagpapahalaga sa buhay at gawin ang lahat ng makakaya dahil walang ibang magmamahal sa iyo nang higit kundi ang iyong sarili.

B. Sampol na sagot lamang ang mga ito. Maaari kang magbigay ng mga sagot bukod sa mga ito na maaari ding tama. Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa dagdag na komentaryo.

1. Ang pasalitang komunikasyon sumasaklaw sa mga nakasulat o binibigkas na salita na hindi sakop ng di-pasalitang komunikasyon na malawakang sumasaklaw naman sa mga galaw o kilos ng buong katawan.

2. Kapwa mabisa ang dalawa, sa palagay ko. Hindi magiging mabisa ang isa kung wala ang isa pa. Ang katotohanan na mabisang nakapagpapahayag ang isang bingi o pipi ay nangangahulugang ang katawan ay may paraan para gumawa ng "kinakailangang pag-angkop" para tumugma sa sitwasyong tila "nakapagpapatahimik" sa atin.

3. Isang konkretong halimbawa kung kailan nakalalamang ang pagiging mahusay na mananalastas sa isang interbyu sa pagpasok ng trabaho. Maaaring bigyan ng impresyon ng isang mahusay na mananalastas ang tagapag-interbyu sa kaniya sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kaniyang sarili. Ang pagpapahayag ng iyong mga kaisipan, pangarap, hangarin, o mithiin sa pamamagitan ng mahusay na pagsasalita o ang pagpapakita ng klase ng pagkatao na

mayroon ka sa pamamagitan ng pagsasalita o pagsusulat ay isang tagumpay o katuparan na sa kasamang palad ay hindi kayang gawin ng maraming tao.

C. 1. Malungkot ang lalaki. Mukhang nababahala siya tungkol sa isang malaking problema.

2. Napakasaya ng tinedyer dahil sa wakas ay nakapagtapos na siya.

3. Nagulat o nagimbal ang babae dahil sa nakita o narinig niya.